Republika ng Pilipinas
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

CITY OF SAN JOSE DEL MONTE
RECEIVED
BY: TEN 1-18/1
DATE: JUL 07 2015
RECORDS 8:25

**Panlalawigang Tanggapan sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad**
**(PSWDO)**

Hunyo 26, 2015

**DR. GERMELINA H. PASCUAL**
Tagapamanihala ng mga Paaralan, DepEd San Jose del Monte
Lungsod ng San Jose del Monte, Bulacan

Mahal na **Dr. Pascual:**

Pagbati mula kalihiman ng Panlalawigang Lupon sa Nutrisyon!

Muli na naman po nating ipagdiriwang ang Buwan ng Nutrisyon sa Hulyo 01-31, 2015 na may temang **"Timbang Iwasto sa Tamang Nutirsyon at Ehersisyo".** Gaya po ng isinasaad ng tema, ang mga gawain kaugnay ng pagdiriwang ay nakasentro sa pagkakamit ng tamang timbang para sa isang indibidwal. Isa sa mga binuong gawain ng Panlalawigang Lupon sa Nutrisyon ay ang pagpili ng **2015 Munting Binibining Nutrisyon** na ang mga kalahok ay magmumula sa mga pampublikong paaralan.

Kaugnay nito, nais po naming hilingin na inyong pahintulutan ang lahat ng pampublikong paaralan ay maging bahagi ng gawaing ito. Ang *City Nutrition Action Officer* ng inyong lungsod ay makikipag-ugnayan sa inyo para sa mga detalye. Kalakip po ng liham na ito ang konsepto ng gawain.

Para po sa inyong kaalaman at kaukulang aksyon.

Marami pong salamat.

Lubos na sumasainyo,

**ROWENA J. TIONGSON**
Pinuno ng Tanggapan
Panlalawigang Tagapagpaganap sa Nutrisyon

**2015 Munting Binibining Nutrisyon**

1. Ano ito?
   Ang 2015 Munting Binibining Nutrisyon ay isang patimpalak na maipapakita ang larawan ng isang batang malusog sa pangangatawan at kaisipan at kakatawan sa kahulugan ng wastong nutrisyon.

2. Sino ang maaaring sumali?
   a. Batang babaeng mag-aaral sa pampublikong paaralan na nasa edad 10-12 taong gulang.
   b. May tamang timbang, taas, makinis na kutis at kumpletong ngipin.
   c. May angking talento.

3. Paano ang pagsali?
   Ang proyektong ito ay pagtutulungan ng Municipal Nutrition Office at DepEd at magiging tampok na gawain ng bayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Nutrisyon. Ang mga paaralan sa mga bayan at lungsod sa lalawigan ay magsasagawa ng pagpili. Ang magiging 2015 Munting Binibining Nutrisyon ng bayan o lungsod ay siyang ipapadalang entry sa lalawigan. May form na ipi-fill up ang kalahok kasama ang isang wallet size na litrato ng mukha ng kalahok na isusumite ng MNAO sa Hulyo 17, 2015 sa PSWDO.

4. Criteria

| **Personalidad** | **Kaalaman/Talento** | **Pagsagot** | **Total** |
|---|---|---|---|
| 30.0 | 30.0 | 40.0 | 100.0 |

Premyo

| **Kategorya** | **Premyo** |
|---|---|
| 2015 Munting Binibining Nutrisyon | Php 7,000.00 |
| 1st Runner-up | 5,000.00 |
| 2nd Runner-up | 3,000.00 |
| Ms. Talent | 3,000.00 |
| Consolation | 2,000.00 |

5. Araw ng Pagpili sa 2015 Munting Binibining Nutrisyon ng Lalawigan
   July 30, 2015 8:00 ng umaga – 12:00 ng tanghali Hiyas Pavilion